# Nasa likod ng Angkas mess, pinalilitaw ng QC dad

Ni ANGIE DELA CRUZ

Iginiit ni Quezon City Councilor Winston Castelo sa Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) na pangalanan at ilitaw ang pangalan ng opisyal na nasa likod ng kaguluhan kaugnay ng usapin sa motorcycle taxi na Angkas.

"They should be exposed and held accountable for the mess in the motorcycle for hire industry," pahayag ni Castelo.

Sinabi ni Castelo na maraming bilang ng motorcycle drivers ang mawawalan ng hanapbuhay at maraming pasahero ang maaapektuhan ng ginawang desisyon ng LTFRB na bawasan ang bilang ng Angkas bikers mula 27, 000 ay ginawa na lamang 10, 000 ang bilang.

Anya, dumami ang nagkaroon ng hanapbuhay nang magkaroon ng motorcycle ride hailing app na Angkas, pero dahil sa desisyon ng LTFRB na bawasan ang kanilang bilang ay darami naman ngayon ang mawawalan ng pagkukunan ng ikabubuhay ng kanilang mga pamilya.

"The LTFRB ruined all these gains," dagdag ni Castelo.

Binigyang diin ni Castelo na labag sa batas ang ginawang pagbabawas ng LTFRB ng bilang ng bikers dahil wala naman itong naisagawang public hearing para rito.

"It (the order) was not data-driven and lacked the sound advice from experts and stakeholders. Thus it had suspicious conclusions, most importantly, the decision was made without regard to safety," dagdag pa nito.